# PAGIGING ISA SA KABILA NG PAGKAKAIBA-IBA

*by:*
**Sisa H. Parrera**
*Master Teacher I, Samal North Elementary School*

Sinasabi na ang edukasyon sa Pilipinas ay dapat na para sa lahat, sensitibo sa iba't-ibang kultura at nakaaangkop sa iba't-ibang pangyayari. Kinikilala, pinoprotektahan at itinataguyod ang karapatan ng mag-aaral na nabibilang sa pangkat-etniko. Tungkulin din ng kagawaran na bigyan ng sapat na kaalaman ang mga mag-aaral mula sa ganitong pangkat na maaari nilang magamit sa pagharap sa mga panlipunan at pang-ekonomiyang suliranin.

Paano nga ba haharapin ng bawat guro ang mga mag-aaral mula sa ganitong pangkat na papasok sa kanilang silid-aralan? Dapat ba silang ituring na espesyal dahil sa naiibang kulturang kanilang pinagmulan at kaibahan ng relihiyon? Anong hakbang ang dapat gawin upang hindi sila maituring na kakaiba?

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa kasalukuyan ay isinasama na ang Edukasyon ng Pangkat-Etniko (IPED) sa isang regular na klase. Sa ganitong pagkakataon, kailangang matukoy ng guro ang espesyal nilang pangangailangan, kasaysayan, pagkakakilanlan, wika, kaalaman at ang iba pang aspeto ng kanilang kultura kabilang ang kanilang panlipunan, pang-ekonomiya at pangkulturang priyoridad at hangarin upang magkaroon ng pantay na pagkakataon sa isang batayang edukasyon.

Kung kaya, dapat iangkop ng mga guro sa kanilang pagtuturo ang Sistema ng Kaalaman at Kasanayan ng Pangkat-etniko o Indigenous Knowledge and Practices System (IKSP's) sa kanilang pagtuturo sa lahat ng asignatura. Dapat magbigay ng sapat at angkop na pangkultural na kagamitan sa pagtuturo ang mga guro.

Ayon kay G. Randy H. Halasan, Presidential Commissioner for the Urban Poor, ang mga guro ay dapat magsama sa kanilang mga aralin ng kaalaman na nagpapakita ng kultura ng mga pangkat-etniko. Maaaring magsama ng seleksiyon na tumatalakay tungkol sa kanilang kasuotan at kagamitan. Subalit, may limitasyon sa paggamit ng mga ito. Halimbawa ang kanilang kasuotan ay hindi dapat na itinuturing na costume lamang dahil ang kontekstong pangkultura nito ay hindi para sa palabas. Hindi rin ito dapat gayahin o gamitin para sa anumang uri ng patalastas o gawan ng katatawanan.

Sa kabilang banda, ang pagsasama ng IPED sa isang regular na klase ay naghahatid ng pagkakaiba-iba ng mayamang kultura. Inihahatid nito ang pagkakakilala ng mga mag-aaral sa sarili nilang kultura at sa kultura ng iba.

Nililinang din nito ang kaalamang pangkultural ng mga mag-aaral na malayo sa kanilang kinagisnang kapaligiran kung kaya kailangan nilang makapagbasa o makarinig ng higit sa isang kuwento tungkol sa isang particular na grupong pangkultural. Dagdag pa dito, ang paggalugad ng mga paksa tulad ng panlipunang katarungan, pagkakapantay-pantay at pangkultural na kalikasan ay nagdudulot ng koneksyon ng iba't-ibang kultura kaya dapat mahikayat ang mga mag-aaral na gawin ito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Dapat ding hikayatin ang mga mag-aaral na pag-aralan ang iba't-ibang wika at kultura para madali silang makisalamuha sa ibang mag-aaral na nabibilang sa pangkat-etniko. Ang guro ang dapat magsilbing modelo para sa mga mag-aaral na nagmula sa magkakaibang kultura, ilahad sa kanila ang mga tauhan na may magkakatulad na karanasan at damdamin at palakasin ang natatanging kultural na pagkakaiba-iba at linangin ang multi-lingual na kaalaman.

Tunay na ang pagbibigay ng atensyon sa IPED ay nagdudulot ng mayamang kultura na nakapagpapawala ng negatibong impresyon tungkol sa magkakaibang pangkat. Nakatutulong din ito na makilala at igalang ang kinagisnang kultura na kaiba ng sa iyo. Ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa iba ang maaaring magsilbing

tulay sa tiwala, paggalang at pag-unawa sa ibat-ibang kultura. Binibigyang linaw din nito na sa pagkakaiba-iba naroon ang pagkakaisa.

*References:*

http://web.nlp.gov.ph/childrensconference/sites/default/files/attachment/Topic%20II_Randy_halasan.pdf

How Indigenous People Education Programs in the Philippines Adapt in a Diverse Society? RANDY H. HALASAN Commissioner Presidential Commissioner for the Urban Poor

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan